

Tamang mga Mapagkukunan para sa Salapi Masipag na Pagtatrabaho sa loob ng Hangganan ng Edad

Tungkol sa trabaho, may mahalagang punto na kailangan nating talakayin. Ang bawat tao ay may tiyak na kakayahang na magtrabaho nang husto sa loob ng tiyak na panahon. Ang ilan ay 20 taon at ang iba marahil ay 30 taon o higit pa. Ngunit pagkatapos nito, hindi na nila magagampanan ang parehong antas ng matinding trabaho gaya ng dati dahil sa proseso ng pagtanda. **Batay sa katotohanang ito, dapat maunawaan ng bawat isa sa atin na ang panahon na nakalaan para sa masigasig na trabaho habang tayo ay malusog at may kakayahang magtrabaho, ay limitado lamang sa ilang taon. Lampas sa mga taon na ito, hindi na tayo makakapagtrabaho nang kasing epektibo ng dati at malapit na ring dumating ang oras para tayo ay magpahinga sa serbisyo. Kailangan nating gamitin nang mabuti ang mga pinagkukunang-yaman, ang bunga ng ating pagtatrabaho, na naipon natin sa loob ng isang panahon. Kailangan nating magtabi ng bahagi ng ating kita upang matugunan ang ating mga pangangailangan sa ating pagtanda. Ibinigay ng Dios sa mga sumusunod na Kasulatan ang paglalarawan nito:**

“23 At sinalita ng PANGINOON kay Moises, na sinasabi, 24 Ito ang nauukol sa mga Levita: mula sa dalawang pu't limang taong gulang na patanda, ay papasok upang maglingkod sa gawa ng tabernakulo ng kapisanan. 25 At mula sa limang pung taong gulang ay titigil sila sa paglilingkod sa gawain at hindi na sila maglilingkod; 26 Nguni't sila'y mangangasiwa ng kanilang mga kapatid sa tabernakulo ng kapisanan, upang ingatan ang katungkulan, at sila'y walang gagawing paglilingkod. Gayon ang gagawin mo sa mga Levita tungkol sa kanilang mga katungkulan.” (Bilang 8:23-26 KJV) Naglatag ang Dios ng ilang tuntunin para sa paglilingkod sa Kanyang santuwaryo. Mula sa talatang ito ng Kasulatan, maaari nating mahinuha ang mga sumusunod na punto:

A. Ang pinakamababang limitasyon ng edad: “Ito ang nauukol sa mga Levita: mula sa dalawang pu't limang taong gulang na patanda, ay papasok upang maglingkod sa gawa ng tabernakulo ng kapisanan.” (Bilang 8:24 KJV) Ang layunin ng limitasyon sa edad ay upang makamit ang tiyak na kalakasan sa pisikal, kapanahunan, pang-unawa, at kamalayan sa kung ano ang nakasaad sa trabaho. Bago iyon, ipinapalagay natin na iyon ang yugto ng edukasyon at pagsasanay upang ihanda sila at gabayan tungkol sa darating na tungkulin sa kanilang buhay. **Ginagawa rin natin ang pareho para sa ating mga anak. Itinuturo natin sa kanila, inaalagaan, tinuturuan, at inihahanda sila upang magtrabaho sa larangan na itinalaga ng Dios para sa kanila.**

B. Ang panahon ng mahirap na paglilingkod: “25 At mula sa limang pung taong gulang ay titigil sila sa paglilingkod sa gawain at hindi na sila maglilingkod;” (Bilang 8:25 KJV) Ang karaniwang hangganan na itinakda ng Dios para sa pagsusumikap ay 25 taon. **Ito ang magiging taon ng kasaganaan para sa pagtatayo at pagkuha ng kapital na pinansyal at pagkakaroon ng sapat at natatanging karanasan at paglantad.**

C. Ang pinakamataas na edad para sa mabigat na trabaho: “25 At mula sa limang pung taong gulang ay titigil sila sa paglilingkod sa gawain at hindi na sila maglilingkod;” (Bilang 8:25 KJV) Pagkalampas ng isang tiyak na edad, wala na tayong paraan upang magsikap nang husto. Dapat itong nasa ating isipan at sa harap ng ating mga mata habang nagpapalano tayo para sa ating mga buhay, sa buhay ng ating mga pamilya, mga anak, at sa ating mga simbahan at kapisanan.

D. Ang panahon ng pagpapatili ng tungkulin (pangangasiwa at konsultasyon): “At mula sa limang pung taong gulang ay titigil sila sa paglilingkod sa gawain at hindi na sila maglilingkod;” (Bilang 8:25 KJV) Ito ang panahon kung kailan kayo ay gumaganap bilang isang tagapayo at nangangasiwa sa mga nakababatang kawani na kailangang magsikap.

E. Walang pagreretiro: Magpapatuloy ng pangangasiwa at pagpapayo hanggang sa katapusan hanggang tayo ay ilipat sa Langit.

F. Ang mga tuntunin ng Dios sa paggawa: “Nguni't sila'y mangangasiwa ng kanilang mga kapatid sa tabernakulo ng kapisanan, upang ingatan ang katungkulan, at sila'y walang gagawing paglilingkod. Gayon ang gagawin mo sa mga Levita tungkol sa kanilang mga katungkulan.” (Bilang 8:26 KJV) Ang mga tagubiling ito ang kailangan nating isabuhay at sundin sa ating mga buhay pati na rin sa buhay ng ating mga pamilya at ministeryo.

Noong panahon ni David, may ilang pagbabago sa patakarang ito, simula sa mga kabataan (20 taong gulang) sapagkat pinagpahinga sila ng Dios at hindi na nila kailangang dalhin ang kaban, dahil inilaan na ng Dios sa kanila ang isang lugar para ilagay ang kaban at kalaunan ay itayo ang templo.

“Nguni't sila'y mangangasiwa ng kanilang mga kapatid sa tabernakulo ng kapisanan, upang ingatan ang katungkulan, at sila'y walang gagawing paglilingkod. Gayon ang gagawin mo sa mga Levita tungkol sa kanilang mga katungkulan.” (Bilang 8:26 KJV)

“24 Ito ang nauukol sa mga Levita: mula sa dalawang pu't limang taong gulang na patanda, ay papasok upang maglingkod sa gawa ng tabernakulo ng kapisanan. 25 At mula sa limang pung taong gulang ay titigil sila sa paglilingkod sa gawain at hindi na sila maglilingkod; 26 Nguni't sila'y mangangasiwa ng kanilang mga kapatid sa tabernakulo ng kapisanan, upang ingatan ang katungkulan, at sila'y walang gagawing paglilingkod. Gayon ang gagawin mo sa mga Levita tungkol sa kanilang mga katungkulan.” (Bilang 8:24-27 KJV)

Nagsimulang magsagawa ng mabigat na trabaho si Jacob noong siya ay pitumpu't pitong taong gulang. Nagtrabaho siya ng dalawampung taon at pagkatapos noon, pinamahalaan niya ang kanyang mga anak at nagpatuloy sa paggawa ng pamamahala hanggang sa kanyang kamatayan. Sa edad na 147, nagbigay siya ng mga paghuhula at tagubilin sa kanyang mga inapo.

Nagsimulang magsikap si Jose noong siya ay labing-pito taong gulang at lumipat bilang isang tagapayo at tagpangasiwa sa gulang na tatlumpu at nagpatuloy hanggang siya ay namatay sa edad na isang daan at sampung taon.

Nagsimulang magsikap si Moises noong siya ay apatnapung taong gulang at nagtrabaho ng apatnapung taon, at sa edad na walumpu ay naging pinuno at pinamunuan ang mga Israelita hanggang sa siya ay namatay sa edad na isanlibo dalawampung taon.

Nagsimula si David na magsumikap sa gulang na 17 sa loob ng 13 taon at naging tagapangasiwa sa gulang na 30 at nagpatuloy hanggang siya ay namatay sa gulang na pitumpu.

Nagsimula ako sa aking masipag na pagtatrabaho sa edad na 24 at naabot ang antas ng pangangasiwa sa gulang na 41 at patuloy pa rin akong nagtatrabaho at magpapatuloy hanggang ang Dios na si Jesus ay kunin ako kasama Niya.

Ang mga patuloy na nagsusumikap at nagtatrabaho kahit sa kanilang katandaan dahil sa obligasyong kumita para sa kanilang kabuhatan, ay kailangang maunawaan na mayroong mali at magulo sa kanilang buhay. Malamang ay nasayang nila ang karamihan sa bunga ng kanilang pagsusumikap at hindi nila naisip ang mag-ipon para sa panahon ng pangangailangan. Hindi sila naging mabubuting tagapamahala.

May isa pang punto na kailangan nating talakayin tungkol sa trabaho at paglilingkod. May ilang tao na pumapasok sa paglilingkod sa Dios bilang dahilan upang makaiwas sa paggawa ng anumang sekular na trabaho. Ito ay katamaran at hindi ito sinasang-ayunan ng Dios. Gagamitin natin ang mga halimbawa nina Haring David at Apostol Pablo upang talakayin ang mahalagang puntong ito.

Si David ay tapat na nagtrabaho sa kanyang pangkaraniwang trabaho. Bago tinawag siya ng Dios bilang hari at pastol para sa Israel, si David ay nagtatrabaho bilang pastol na nag-aalaga ng mga tupa ng kanyang ama. Siya ba ay nagtatrabaho nang tapat? Oo, at makatitiyak tayo doon sa pagbabasa ng kanyang kwento sa **1 Samuel Kabanata 16 at 17**.

Isang araw, ipinadala ng Dios si Samuel sa Bethlehem upang pahiran si David bilang hari. Inanyayahan ni Samuel si Isai at ang kanyang mga anak para sa handaan. Hindi iniwan ni David ang kanyang tungkulin sa trabaho; naghintay siya habang inaalaan ang mga tupa hanggang tawagin siya ni Samuel: **“11 At sinabi ni Samuel kay Isai, Narito ba ang iyong lahat na anak? At kaniyang sinabi, Natitira pa ang bunso, at, narito, siya'y nag-aalaga sa mga tupa. At sinabi ni Samuel kay Isai, Ipasundo mo siya; sapagka't hindi tayo uupo hanggang sa siya'y dumating dito.” (1 Samuel 16:11 KJV)**

Alam din ni Haring Saul na si David ay isang pastol at mahusay niyang tinutupad ang kanyang trabaho dahil nabanggit niya ito nang siya'y kanyang ipatawag. **“19 Kaya't nagsugo si Saul ng mga sugo kay Isai, at sinabi, Suguin mo sa akin si David na iyong anak, na nasa kawan ng mga tupa.” (1 Samuel 16:19 KJV)** Narito, Tinawag si David para maglingkod sa palasyo ng hari. **“20 At kumuha si Isai ng isang asno na may pasang tinapay, at isang balat ng alak, at isang anak ng kambing, at ipinadala kay Saul sa pamamagitan ni David na kaniyang anak. 21 At dumating si David kay Saul at tumayo sa harap niya: at minahal niya siyang mainam; at siya'y naging tagadala ng sandata niya.” (1 Samuel 16:20-21 KJV)** Bahagi ng panahon ni David ay kasama ng hari at ang ibang panahon ay nasa kanyang pansariling trabaho pa rin. Hindi iniwan ni David ang kanyang trabaho sa pag-aalaga ng mga tupa ng kanyang ama. Sa halip, ipinagpatuloy niya ito bilang karagdagan sa paglilingkod na ginagawa niya para kay Haring Saul na bahagi rin ng kanyang paglilingkod sa Dios. **“15**

Nguni't si David ay nagpaparoo't parito mula kay Saul upang pasabsabin ang mga tupa ng kaniyang ama sa Bethlehem.” (1 Samuel 17:15 KJV) Isa pang katunayan na hindi iniwan ni David ang kanyang pangkaraniwang trabaho nang tawagin siya ng Dios nang pinapunta siya ng kanyang ama upang alagaan ang kanyang tatlong kapatid na nasa larangan ng digmaan; patuloy pa rin niyang ginagampanan ng maayos ang kanyang trabaho sa pagpapastol ng mga tupa. *“17 t sinabi ni Isai kay David na kaniyang anak, Dalhin mo ngayon sa iyong mga kapatid ang isang epa nitong trigo na sinangag, at itong sangpung tinapay, at dalhin mong madali sa kampanya, sa iyong mga kapatid; 18 At dalhin mo ang sangpung kesong ito sa kapitan ng kanilang libo, at tingnan mo kung ano ang kalagayan ng iyong mga kapatid, at kumuha ka ng pinakakatunayan. 19 Si Saul nga, at sila at ang lahat ng mga lalake ng Israel ay nasa libis ng Ela, na nakikipaglaban sa mga Filisteo. 20 At si David ay bumangong maaga sa kinaumagahan, at iniwan ang tupa na may isang tagapagalaga, at nagdala at yumaon, na gaya ng iniutos sa kaniya ni Isai; at siya'y naparoon sa kinaroroonan ng mga karo, habang ang hukbo na lumalabas sa pakikipaglaban ay sumisigaw ng pakikipagbaka.” (1 Samuel 17:17-20 KJV)* Ipinakita rin ni David dito ang kanyang pag-aalala sa kanyang pangkaraniwan na trabaho nang siya ay tawagin na gumawa ng paglilingkod sa Dios. Naglagay si David ng isa pang pastol sa kanyang lugar upang alagaan ang mga tupa, hindi iniwan ang kanyang trabaho gaya ng madalas gawin ng maraming manggagawa nang walang pag-iingat.

* Ang iyong panlabas na trabaho ay iyong responsibilidad sa harap ng Dios. Kahit tinawag ka ng Dios para sa Kanyang paglilingkod, kailangan mo pa rin pagtuunan ng mabuti ang iyong panlabas na tungkulin, dahil ito ang inaasahan ng Dios mula sa iyo. * Kailangan mong gampanan ang iyong pangkaraniwan na trabaho nang maayos upang maiwasan ang pagpuna ng tao, lalo na ng mga taong naghahanap ng kapintasan sa iyo, tulad ng nangyari kay David nang paratangan siya ng kanyang kapatid ng kapabayaang. *“28 At narinig ni Eliab na kaniyang pinakamatandang kapatid, nang siya'y magsalita sa mga lalake; at ang galit ni Eliab ay nagalab laban kay David, at kaniyang sinabi, Bakit ka lumusong dito? at kanino mo iniwan ang ilang tupang yaon sa ilang? Talastas ko ang iyong kahambugan, at ang kalikutan ng iyong puso; sapagka't ikaw ay lumusong upang iyong makita ang pagbabaka.” (1 Samuel 17:28 KJV)*

Si David ay mahusay sa kanyang pangkaraniwan na trabaho at siya ay nagtagumpay nang husto. Siya ay tapat sa tungkuling ipinagkatiwala sa kanya sa pagprotekta sa mga tupa. Siya ay bihasa, may kakayahan, at laging nagtitiwala sa Dios habang tinutupad ang tungkulin bilang pastol ng kawan ng kanyang ama. Pagkatapos nito, inalay ni David ang kanyang sarili upang lumaban kay Goliat. *“33 At sinabi ni Saul kay David: Hindi ka makaparoroon laban sa Filisteong ito upang makipaglaban sa kaniya: sapagka't ikaw ay isang bata, at siya'y isang lalaking mangdidigma mula sa kaniyang pagkabata. 34 At sinabi ni David kay Saul, Ang iyong lingkod ay nagaalaga ng mga tupa ng kaniyang ama; at pagka pumaroon ang isang leon, o isang oso, at kinukuha ang isang kordero sa kawan, 35 Ay lumalabas akong hinahabol ko siya, at aking sinasaktan, at aking inililigtas sa kaniyang bibig: at pagka dinadaluhong ako ay aking pinapangahan, at aking sinasaktan, at aking pinapatay. 36 Pinapatay ng iyong lingkod ang leon at gayon din ang oso: at ang Filisteong ito na hindi tuli ay magiging isa sa kanila, yamang kaniyang hinahamon ang mga hukbo ng Dios na buhay. 37 At sinabi ni David, Ang PANGINOON na nagligtas sa akin sa mga pangamot ng leon, at sa pangamot ng oso, ay siyang nagliligtas sa akin sa kamay ng Filisteong ito. At sinabi ni Saul kay David, Yumaon ka, at ang PANGINOON ay sasa iyo.” (1 Samuel 17:33-37 KJV)* Tulad ni David, sa sinumang tapat at masipag sa paggawa ng mundong gawain na ipinagkatiwala sa kanya ng Dios, tiyak na tatawagin din siya ng Dios upang maglingkod sa Kanyang Kaharian.

Kapag tinawag ng Dios ang isang tao para sa paglilingkod, magkakaroon ng paglipat mula sa mundong gawain patungo sa paglilingkod sa Dios o pagsasama ng paglilingkod sa Dios at mundong gawain. Sa kalaunan, kapag pinahintulutan na ng Dios ang manggagawa, ang Panginoon mismo ang gagawa ng paraan upang ang tiyak na manggagawang iyon ay makapaglingkod ng buong panahon. Kapag nangyari iyon, malinaw din nating makikita ang kaloob ng Panginoon para sa tiyak na manggagawa.

Si Apostol Pablo ay isang pa ring halimbawa para sa atin na nanatili sa pangkaraniwang trabaho habang naglilingkod sa Panginoon:

A. *“1 Pagkatapos ng mga bagay na ito'y umalis siya sa Atenas, at napasa Corinto. 2 At nasumpungan niya ang isang Judio na nanggagalang Aquila, isang lalaking tubo sa Ponto, na hindi pa nalalaong nanggagaling sa Italia, kasama ni Priscila na kaniyang asawa, sapagka't ipinagtutos ni Claudio na ang lahat ng mga Judio ay magsialis sa Roma: at siya'y lumapit sa kanila; 3 At sapagka't ang hanap-buhay niya'y gaya rin ng kanila, ay nakipanuluyan siya sa kanila, at sila'y nagsigawa: sapagka't ang hanap-buhay nila'y gumawa ng mga tolda. 4 At siya'y nangangatuwiran tuwing sabbath sa sinagoga, at hinihikayat ang mga Judio at ang mga Griego.” (Mga Gawa 18:1-4 KJV)*

B. *“34 Nalalaman din ninyo na ang mga kamay na ito ay nangaglilingkod sa mga kinakailangan ko, at sa aking mga kasamahan.” (Mga Gawa 20:34 KJV)*

Marami sa mga tinawag ng Dios ang maagang iniwan ang kanilang pangkaraniwan na trabaho at kita nang walang hudyat mula sa Dios para sa Kanyang probisyon na susuporta sa kanila at sa ministeryo. Ang ganitong mga manggagawa ng Dios ay nakararanas ng paghihirap kasama ang kanilang pamilya at sa mga umaasa sa kanila dahil sa kanilang maling desisyon.

* Ang iyong trabaho ay bahagi ng iyong ministerio. Dapat kang maging tapat at pahalagahan ang iyong trabaho bilang tulad ng pagibiig mo sa Dios at paglilingkod sa Kanyang layunin. Ang Dios ang naglagay sa iyo sa trabahong kinaroroonan mo. * Kapag nais ng Dios na ikaw ay mag buong-panahon sa paglilingkod sa Kanya, tiyak na aalisin ka Niya nito sa Kanyang paraan. At kung saan man ka itungo ng Dios, magbibigay rin Siya kasama ang sapat na suporta para sa iyo. Mabuti ang magkaroon ng hangaring magkaroon ng buong panahon sa paglilingkod sa Dios, ngunit dapat mong hintayin ang Dios na gawin ito sa Kanyang sarili at sa Kanyang tamang panahon. * May ilan na naghahangad na i-ugnay ang kanilang ministeryo sa ilang simbahan upang makakuha ng pinansyal na suporta, ngunit hindi iyon ang itinadhana ng Kasulatan. Kung iniwan mo ang iyong pangkaraniwang trabaho at ikaw ay nangangailangan ng pinansyal na tulong, at ang ministeryo na iyong ginagawa at ang mga disipulong iyong hinuhubog ay hindi sapat upang matugunan ang iyong pangangailangan, kung gayon kailangan mong bumalik sa iyong pangkaraniwang trabaho.

Si David, matapos ang kanyang tagumpay laban kay Goliath, siya ay tuluyang inalis sa pagbabantay ng mga tupa at inilagay sa buong-panahong paglilingkod sa Dios. Nabasa natin sa *1 Samuel 18:2-5*, “*2 At kinuha siya ni Saul nang araw na yaon, at hindi na siya tinulutang umuwi sa bahay ng kaniyang ama. 3 Nang magkagayo'y si Jonathan at si David ay nagtibay ng isang tipan, sapagka't minahal niya siya na gaya ng kaniyang sariling kaluluwa. 4 At hinubad ni Jonathan ang kaniyang balabal na nakasuot sa kaniya, at ibinigay kay David, at ang kaniyang kasuotan pati ng kaniyang tabak, at ng kaniyang busog at ng kaniyang pamigkis. 5 At lumalabas si David saan man suguin ni Saul, at siya'y nagpakabit: at inilagay ni Saul siya sa mga lalaking mangdidigma, at minabuti ng paningin ng buong bayan, at gayon din ng paningin ng mga lingkod ni Saul.” (1 Samuel 18:2-5 KJV)*

Sa aking mahal at Minamahal: Hindi nagbitiw o umalis nang maaga si David sa kanyang trabaho kundi ayon sa patnubay at direksyon ng Dios. Ipinaglilingkod niya ang layunin ng Dios habang patuloy na tapat sa kanyang trabaho. Sinasabi ng Salita ng Dios, “*2 Gayon din ang kaluluwa na walang kaalaman ay hindi mabuti; at siyang nagmamadali ng kaniyang mga paa ay nagkakasala.” (Kawikaan 19:2 KJV)* Kaya mag-ingat, manalangin, at isabuhay ang iyong nabasa upang ikaw ay maging mabisang manggagawa at magkaroon ng sapat na kita para sa iyo at sa iyong pamilya.

Manalangin tayo ...

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa mga aral, sa pagtutuwid, at sa kamalayan na aking natanggap sa mensaheng ito tungkol sa plano ng trabaho na inihanda mo para sa akin. Panginoon, salamat sa trabaho at kita na iyong ibinigay sa akin upang suportahan ang aking sarili, pamilya, at ministeryo. Panginoon, salamat sa ministeryo na ipinagkatiwala sa akin at sa lahat ng mga yaman na iyong inilaan sa aking buhay.

Magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikuran ang iyong katamaran at kakulangan ng kamalayan sa kahalagahan ng oras. Talikuran ang iyong sariling plano at paggawa ng iyong sariling kalooban. Magsisi sa iyong kapalaluan, sa iyong pagiging makamundo, at sa iyong pagmamahal sa bagay na materyal. Magsisi sa pag-alis sa iyong pangkaraniwang trabaho nang maaga at pagiging walang kita upang paglingkuran ang Dios. Magsisi sa iyong maling pamamahala. Magsisi sa iyong kawalang-pagpayag na sundin ang plano ng Dios sa iyong buhay. Magsisi sa iyong kawalang-hangad na mabuhay para kay Cristo, magdusa para sa Kanya at paglilingkod sa Kanya. Panginoon, ako ay nagsisisi at tinatakwil ang sumusunod na mga kasalanan _____.

Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na sundin ang mga tuntuning natanggap namin ngayon sa mensaheng ito tungkol sa plano ng gawain na may kinalaman sa gulang at ministeryo. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na magsikap sa aking trabaho at huwag itong iwanan hanggang sa panahon na payagano akong magkaroon ng buong-panahon upang paglingkuran ka. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na gawin ang iyong kalooban at ang mabuting plano na inihanda mo para sa akin. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na paglingkuran si Cristo at gawin ang mabubuting gawa na inihanda mo para sa akin. Panginoon, bigyan mo ako ng mabuting kalusugan at lakas at pagkalooban ako upang magawa ko nang maayos ang aking trabaho at gampanan ang aking ministeryo sa iyo.

Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at inialay ang kanilang buhay upang mamuhay ayon sa mga tuntunin ng iyong Salita. Panginoon, pagpalain mo ang gawa ng kanilang mga kamay at pagyamanin sila upang patuloy nilang mapaglingkuran ka at mabuhay ayon sa mabuting plano na inihianda mo para sa kanila at maisakatuparan ang iyong kalooban. Panginoon, tuparin mo ang lahat ng iyong mabubuting pangako sa kanila, pangalagaan mo sila at protektahan mula sa masama upang patuloy nilang mapaglingkuran ka at maisakatuparan ang iyong kalooban.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang isang simbahan at tulungan mo kaming patuloy na gabayan ang iyong bayan upang gawin ang iyong kalooban. Panginoon, puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at pagkalooban mo kami ng mga Espiritwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy sa pagpapahayag ng Mabuting Balita, paggawa ng mga alagad, at pagtuturo sa mga manggagawa upang magtayo ng mga pag-aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagdating upang makasama ka kapag ikaw ay dumating. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami sa kapahamakan upang hindi kami makaranas ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong JesuCristo, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikipag-isa ng Banal na Espiritu ay sumaatin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com